# Chief Girl Scout, iginawad kay FL Liza Araneta-Marcos

See p.2

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 5 | 10.00 | OCT. 31 - NOV. 6, 2022



Bacoor City Rep. Lani Mercado-Revilla

## Magaang bayarang cash assistance sa OFWs

**ni ELI TAPARAN –**
Upang walang maging alalahanin ang aalis o babalik na overseas Filipino workers (OFWs) na may maiiwang utang, ipinanukala ni Cavite Second District (Bacoor City) Rep. Lani Mercado Revilla ang pagtatayo ng isang credit assistance program (CAP) na popondohan ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA).

Sa House Bill 3378 ni Revilla --dating alkalde ng siyudad --, mga OFWs na may balidong kontrata ang mabibigyan ng pautang na hindi lalampas sa P50,000 na maipambabayad sa mga ginastos sa paglalakad sa mga dokumento at iba pang rekisitos para rehistradong makapagtrabaho sa ibang bansa.

May interes na hindi hihigit sa anim (6) na porsyento kada taon, maaaring hulugan ang pagbabayad sa utang sa loob ng isa o dalawang taon, ayon sa panukala ng kongresista ng Bacoor City.a

Sinabi ni Rep. Revilla, ng kongresista na madalas ay nababaon sa utang ang paalis o babalik na OFWs sa trabaho nila sa ibang bansa dahil sa malaking halagang inutang at mataas na porsiyentong sinisingil ng mga recruitment at placement agencies.

*Sundan sa p.2*

# Housing Summit 2022 sa residenteng Bacooreno

**ni HENRY CAOILE –**
Hindi pa man natatapos ang gawaing relief operations sa mga matinding pininsala ng bagyong 'Paeng' --tulad ng ginawa sa mga barangay Molino 1,2,3,4, at 6; Bayanan; Queensrow West; San Nicolas 2 at 3; Mambog 1,2,3,4, at 5, Panapaan 7; Maliksi 1,2, at 3; Digman; at Kaingen, isa naman makabuluhang programa ang inilunsad ng pamahalaang lungsod ng Bacoor.

Noong nakaraang linggo, idinaos ang Housing Summit 2022, isang programang tutugon sa malaking problema ng kakapusan ng maayos na pabahay sa lumalaking populasyon ng progresibong siyudad ng Bacoor.

Ayon kay City Mayor Edwin 'Strike' B. Revilla, kapartner ng pamahalaang lungsod ang Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) ang programang ito na mabilis na sinuportahan ni Cavite 2nd District Congresswoman Lani Mercado-Revilla.

Sa summit, tinalakay ng alkalde at ng mga opisyal ng DHSUD sa pangunguna ni OIC-Administrator Atty. Jesson G. Labao ang mga paraan upang maisakatuparan ang programang makapagbibigay ng maayos, mura at magaang na mabayarang yunit ng pabahay.

Idinetalye naman ni Atty. Jann Roby R. Otero, Regional Director ng DHSUD Region IV-A mga gabay at tuntunin na kailangang sundin ng mga nais na sumali sa programa sa pabahay.

Dumalo sa Housing Summit 2022 si DHSUD Secretary Jose Rizalino Acuzar na kinilala ang malasakit ng pamahalaang lungsod sa pangunguna ni Mayor Strike Revilla na mabigyang solusyon ang problema ng iskwating at magkaroon ng maayos na plano sa pabahay na pakikinabangan ng maraming mahihirap na Bacooreno.

Ang programa, sabi ni Sec. Acuzar ay patunay ng pagsisikap ni Mayor Revilla, kasama ang Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ni Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola.





Kalinga at malasakit sa mamamayang Bacooreno ang ibinabandila ng pamahalaang lokal ng Bacoor.

Sa kanyang mensahe, pinasalamatan ni Mayor Strike B. Revilla ang DHSUD sa joint venture sa pagtatayo ng pabahay sa mahihirap, at binigyang halaga ang inisyatibong ito sa ginawang ceremonial manifesto signing na dinaluhan ng mga opisyal ng ahensya at lokal na pamahalaan.

Sa okasyong ito, pormal na binuksan ni City Councilor Alde F. Pagulayan ang Housing Fair, Exhibit, at HOA Clinic na patunay sa totoong sigaw ng progresong #StrikeSaSerbisyo, #SaBacoorAtHomeKaDito ng pamahalaang lungsod.


Iba pang serbisyong ipinagkaloob kamakailan ay ang Educational Assistance sa mga estudyante ng siyudad, tulong pinansiyan sa mga solo, senior citizens, at cash assistance din muna sa City Social Welfare and Development Office sa pangunguna ni Ms. Liliane Ugalde.

Sa isang pahayag, pinaalalahanan ni Mayor Strike B. Revilla ang publiko na mag-ingat dahil hindi pa nawawala ang pandemyang Covid-19 sa siyudad na sa huling ulat, mayroong 76 na aktibong kaso at kabuuang 30, 639 ang gumaling at 754 ang namatay.

"Magpabakuna po kayo sa ating mga vaccination sites at tayo po ay tumatanggap ng walk-in at ng bakuna para sa 1st booster at iba pang tulong medikal," paalaala ni Mayor Revilla.



Strike sa Serbisyong Makatao



*Pamimigay ng educational assistance na na ginanap sa Strike Gym sa Bacoor Government Center*

# Chief Girl Scout, iginawad kay FL Liza Araneta-Marcos

**ni ADELA R. Zamora –** Ginawaran ng marangal na titulong 'Chief Girl Scout' ng Pilipinas si First Lady Louise "Liza" Araneta-Marcos sa isang seremonyang ginawa sa Malacañang ng nakaraaang linggo.

Iginawad ito sa maybahay ni Presidente Bongbong Marcos Jr. ayon sa Section 7 of Republic Act 10073,mas kilala sa tawag na Girl Scouts of the Philippines Charter of 2009,

Ayon sa batas, ibibigay ang titulong ito sa babaeng presidente ng bansa o sa Unang Ginang ng Pilipinas.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Mrs. Liza Araneta-Marcos na ikinararangal niya ang gawad na 'Chief Girl Scout' at ito ay magbibigay ng pagkakataon sa kanya na matulungan ang mga kababaihang scout ng bansa.

"... it will allow me to help our young women cultivate the same values that I learned when I was a Girl Scout in school," sabi ng First Lady.

Aniya, nakahanda siya na tulungan ang mga kabataang babae, lalo na ang mga kasapi ng GSP na hubugin sila sa maayos na disiplina upang maging mabubuting mamamayan ng Pilipinas.



*Nakangiting tinatanggap ni First Lady Liza Araneta-Marcos ang pin ng GSP na nagbibigay parangal sa kanya bilang 'Chief Girl Scout' ng Pilipinas.*

Itinatag ang GSP noong Mayo 1940 sa bisa ng Commonwealth Act 542, at sa kasalukuyan, tinaya na ito ay mayroong 800,000 miyembro sa buong bansa.

## *'Di na sa kangkungan Kakampink?*

# Robredo, Pangilinan lead potential 2025 senatorial bets

**by POLITICO News –** Former Vice President Leni Robredo and former Senator Francis Pangilinan could successfully stage a political comeback if they run for senator in 2025, according to a recent survey conducted by the Issues and Advocacy Center.



*The return of the comeback? Ms. Leni Robredo. Kiko Pangilinan*

Results of the Pulso ng Pilipino survey showed that Robredo would rank between 5th and 6th place should she decide to run for senator in 2025. She is tied with former Senator Manny Pacquiao, who, like her, also ran for president in the 2022 elections but lost.

Pangilinan, who ran for vice president with Robredo, was ranked ninth to 11th place in the senatorial preference survey.

Unsurprisingly, the top senatorial contender was Senator Imee Marcos, followed by Senators Bong Go and Pia Cayetano.

The Issues and Advocacy Center conducted the survey from September 16 to 22 as part of its assessment of President Marcos' first 100 days. A total of 1,200 respondents took part in the poll.

The respondents were asked to choose as many politikos as they can recall from a list of incumbent senators who will be up for reelection in 2025, as well as those who might run for senator.

Both Robredo and Pangilinan have yet to announce any plans for a political comeback.

# 'Most killings of journalists unpunished'

**by AGENCE FRANCE-PRESSE –** An overwhelming majority of killings of journalists across the world go unpunished, a United Nations agency reported on Wednesday.

"Impunity for killings of journalists remains unacceptably high at 86 percent," said Unesco, the United Nations Education, Scientific and Cultural Organization whose brief includes media issues.

It called for "all necessary measures to ensure that crimes committed against journalists are properly investigated and their perpetrators identified and convicted."

The organization called the global immunity rate for journalist killings "shockingly high" in a report to coincide with the International Day to End Impunity for Crimes Against Journalists, a UN-backed initiative.

Unesco Director-General Audrey Azoulay said in a statement that "freedom of expression cannot be protected when there is such a staggering number of unresolved cases."

She said impunity had a "chilling effect on investigative reporting."

While Unesco welcomed a 9-percentage-point drop in the impunity rate over the past decade it said this was insufficient to stop what it called the spiral of violence.

In 2020 and 2021, the period covered by the report, of the 117 journalists killed for doing their job, 91 were killed while off the clock.

"Several were killed in front of family members, including their children," it said.

## Magaang... *mula p.1*

"Nabibiktima pa ang iba nating kababayan ng mga illegal recruiter at naloloko pa sila ng mga pekeng work visa ng mapagsamantalang recruitment agency." sabi ni Rep. Lani Mercado-Revilla.

Sa email na tinanggap ng pahayagang ito, nagpahayag ang maraming OFWs ng malaking pasasalamat sa panukalang batas ni Rep. Lani Mercado-Revilla.

"Sana ay suportahan ng lahat ng congressman, mga senador ang House Bill 3378 ni Mayora Lani. Ay, congresswoman na pala namin siya. Mababawasan ang isipin namin kung mapapautang ang mga tulad naming OFWs at ang mga bagong aalis na OFWs, lalo na kaming mga taga-Bacoor," sabi ni Ms. Joyce V. Chua ng Barangay Zapote 2.

"It's a good House Bill ... I hope this bill will pass in Congress and in the bicam conference in the Senate. Kabutihan ito ng ating bayaning OFWs," sabi ni Mr. Rolando Reyes ng Aniban 2.

Sinuportahan nina Cavite First District Rep. Jolo Revilla III at Agimat party-list Rep. Bryan Revilla ang nabanggit na panukalang batas bilang mga co-author niyon.

# PBBM leads relief distributions for Noveleta evacuees

**By RUEL FRANCISCO –** President Ferdinand 'BongBong' Romualdez Marcos, Jr., along with national and local officials spearheaded relief distributions in the Municipality of Noveleta this October 31 and personally visited the evacuation center in Barangay San Jose II to discuss the situation town's with local officials.

Municipal Mayor Dino Reyes-Chua, Provincial Governor Jonvic Remulla, 1st District of Cavite Representative Jolo Remulla, Senator Ramon 'Bong' Revilla and wife Congresswoman Lani Mercado-Revilla, and LGU chiefs of the first district joined in welcoming the president.

Governor Jonvic Remulla briefed the president that around 18,000 families have been evacuated in the province during the onslaught of the typhoon, and at least P 50M worth of relief goods are being distributed to these victims. But at this stage, most of the evacuees have already returned to their respective houses.

During the visit, President Bong Bong Marcos (PBBM) led the distribution of goods to the remaining evacuees in the evacuation center together with Department of Social Welfare and Development (DSWD) Secretary Erwin Tulfo.

During a press briefing that ensued after the distribution activity, President Marcos Jr. states, "We are at the stage of rebuilding, we have to help the victims of the typhoon by giving them building materials to rebuild their houses."

He continued, "After aerial inspection, most of the damage is infrastructural damage, such as flood control dikes. What we need is a long-term solution to address these problems brought by natural calamities."

PBBM shared a possibility for a flood-control project with Japan International Cooperation Agency (JICA) wherein the widening of rivers would allow for more water containment to prevent water overflow.

According to the president, it is not necessary to declare a one-year national state of calamity since the damage is highly localized, and focusing on these areas would serve the people better.

"It is better to stay with the calamity status that we are in now," President Marcos Jr. said.

Meanwhile, current estimates of damage in agriculture are at P 260M which the president said would still be subject to change in the coming days since the officials from the Department of Agriculture are continuously collating reports from different affected areas in the country. **(RBF/PIA-Cavite)**



***PRESIDENT Ferdinand R. Marcos Jr. hands over cash donation and relief goods to a lady beneificiary in an evacuation center in Barangay San Jose in Noveleta, Cavite. Looking on at the center is Noveleta Mayor Dino Reyes Chua, DSWD Sec. Erwin Tulfo and olther government officials.***

# Partnership ng Uno at Dos, ayos



REVANZE

by Domz B. CAOILE

BINAHA man kami sa Imus City, mas grabe ang nangyari sa Bacoor City (Distrito 2) at sa mga bayan ng Kawit, Noveleta, Rosario at Cavite City sa Distrito 1 na talagang pinahirapan ng perwisyong si 'Paeng' kaya maraming lumubog sa tubig-baha, maging sa mga sementeryo.

Marami nga e hindi nakadalaw sa kanilang yumaong 'loved ones' noong Undas.

Pero may magandang pangyayari naman, kasi nakita ng marami na tama ng vision nina 1st District Congressman Jolo Revilla at Bacoor City Mayor Edwin 'Strike' Revilla at buong pagkakaisang sinang-ayunan nina Mayor Angelo Emilio Aguinaldo ng Kawit, Mayor Dino Reyes Chua ng Noveleta, Mayor Voltaire Ricafrente ng Rosario at Mayor Denver Reyes Chua ng Cavite City sa pagbuo ng partnership agreement ilang linggo bago humagpit si 'Paeng.'


Gumana ang pagtutulungan ng mga alkalde sa panahon ng lupit ng bagyo; nakita ang agad-agad na aksiyon at tugon sa panawagang tulong ng mga binaha, natangayan ng bubong ng bahay; agad nailipat ang mga evacues sa binahang

*Sundan sa p.7*



***PAGTUTULUNGAN:** Masayang ipinakikita ang mga kopya ng pinirmahang Partnership Agreement, nagkaisa sina (mula sa kaliwa) Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla, Noveleta Mayor Dino Reyes Chua, Cavite City Mayor Denver Reyes Chua, Bacoor City Mayor Edwin 'Strike' Revilla, District I Rep. Jolo Revilla, Rosario Mayor Voltaire Ricafrente at Kawit Mayor Angelo Emilio Aguinaldo na magtutulungan upang maihatid ang mabilis at de kalidad na serbisyo sa mga mamamayan ng Distrito Uno at Distrito Dos ng Cavite.*

# 'Tangina mo! Ano ba 'yan!



Here n There

ni ELI TAPARAN

AY, may kasabihan tayo na ganito: 'Hampas sa kalabaw, sa kabayo ang latay!"

Sino kaya ang mas nalatayan sa malutong na pagmumura ni Sen. Cynthia A. Villar na na nagkulay rosas ang mga pisngi sa galit nang malamat na mayroon nang compliance certificate ang 21 reclamation project sa Manila Bay.

Lalo raw babahain ang Las Pinas City -- na kaharian ng pamilya Aguilar-Villar-- pag itinuloy ang pagtatambak sa Manila Bay.

Apat na beses nakatikim ng pagmumura ng bilyonaryang senadora ang mga opisyal ng DENR na umatend noon sa proposed budget for 2023 ng kagawaran.

Kung matuloy raw ang reclamation project, inakupo, malulubog daw sa tubig-baha ang Las Pinas City, sabi ni Madam 'Mura.'

Teka, na-remember ko, bago ako lumipad sa Vancouver noong 2019, naka-attend pa ako sa press conference ni Mayora Lani Mercado-Revillla na masayang ibinalita niya, aprubado na ang compliance certificate ang dalawang reclamation project ng Bacoor City government.

'Yung unang project ay aabbot sa 300 ektarya sa ilalim ng Bacoor City Development Project, sabi ni Mayora Lani, at ang ikalwa ay ang Diamond Reclamation Project para sa 100 ektarya.

Sa presscon na iyon, sinabi ni Mercado-Revilla, ngayon ay Cavite 2nd District representative, inokeyan ng Environment Management Bureau ng DENR ang dalawang proyekto na iniangkop sa sariling Public Private Partnership Code ng Bacoor.

Ay, Madam Cynthia, okay naman pala yung proyekto ng Bacoor -- na sabi ni Mayora Lani noon, sa pagtatambak, wala yung kinatatakutang pagbaha at ang proyekto, siyempre ay magbibigay ng maraming oportunidad sa trabaho, negosyo at malaking tulong sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Caviteno.'

Saka, kulang na ang lupa ng Bacoor, kailangan na nito ang maraming lupang pagtatayuan ng maraming kompanya, residential houses, industriya at ang resulta, mas maunlad na Bacoor, mas maunlad na Cavite.

Ayaw ba ni Madam 'Mura' na umunlad ang mga Cavitenyo?

A, basta, matagininting ang galit at pamumura ni Bilyonarya Cynthia patungkol sa proyekto na ang nirapido ng galit niya ay mga taga-DENR.

"Tangina mo. Ano ba 'yan? Ang kapal kapal ng mukha niyo. Alam niyo namang babaha kami ng katakot-takot ayaw niyo pang tigilan 'yan," talak ng senadora.

Oo naman, sa DENR patungkol ang 'Tangina mo,' hindi sa kung sinong opisyal ng gobyerno, maliwanag po, dear readers.

Kasi 'yun daw proyekto, sabi ni Madam Cynthia e magsasarado sa daloy ng tubig sa apat na ilog sa Las Pinas at sa Cavite -- at ang resulta, matinding pagbaha.

Naalaala ko, kahit noong dekada '70, at binababha na ang mga taga-Zapote (Kabila) ng Las Pinas City at ng Zapote (Kabila) sa Bacoor.

Kasi, kumitid at bumabaw ang Zapote River na noong dekada '60 ay madalas na pinagdadausan ng palaro sa ilog tuwing ikalawang linggo ng Mayor na pista ng Bacoor.

Kaylinaw ng tubig noon sa ilog: maraming isdang dagat ang naliligaw



***Upang mawala ang galit ni Sen. Cynthia A. Villar, aba, wag nyong pakikialaman ang mga ilog niya sa Las Pinas City.***

sa ilog pag high tide na ang pagkatanda, kahit isang kawayang may habang 84 feet ay mailulubog hanggang sa ilalim niyon.

E ngayon, pag summer, sa tambak na basura, pwede nang mamasyal sa gitna ng ilog!

Sa tinagal-tagal ng panahong nasa Kongreso at Senado ang mga Villar, hindi nalutas ang pagbahang delubyo sa Las Pinas at Bacoor, at ayon kay Madam Lani Mercado-Revilla sa dalawang reclmation project, mawawala na ang pagbahang inirereklamo ni Madam Cynthia.

Pero, hindi, sabi ni Madam senator, aniya: "Ako sinabi ko sa inyo, huwag niyong pakikialaman yung aming daan doon. We have four rivers going out of that bay. Where will the river go– the water of the river go? Sinasabi ko na palagi sa inyo 'yan, ayaw kayo tumigil. Hindi ako pumayag diyan."

Ay, mali yata ako, kasi sabi ni Madam Cynthia, mahigit 10 taon ng kanyang buhay bilyonarya ay iniukol sa paglilinis at pagsisikap na buhayin ang

*Sundan sa p.7*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1.
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
Phone: 09274890759 / 09289406369
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com

*Publisher:* HENRY E. CAOILE
*Editorial Consultant:* ELI TAPARAN II
*Executive Editor:* DOMZ B. CAOILE
*Special Projects Director:* ADELA R. ZAMORA
*Circulation Manager:* LIZA FE BONETE
*Contributing Writers:* NOLI LIWANAG, LUKAS DA SILVA, GENE T. TAN, ED 'MUTO' G. CUENCA
*Art & Production Manager:* ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

AWS

ALFFEJEN WATER SERVICES

ALFFEJEN Water Purifier Installation Services is a registered service that install a quality Commercial, Industrial and Residential Water Treatment System, whether it is a Deepwell or Water District Source. We install Reverse Osmosis System, Water Filtration System, Alkaline Drinking System and Water Refilling System Nationwide.

Through AWS skilled team, quality products, excellent service and great - after sales, we can firmly assure that our clients receive a pure, safe and clean water.

For further information, kindly message us on our FB page: ALFFEJEN WATER SERVICES, or you may contact also at these numbers: 09279182878 /09668963151

# Rabbi Christian Institute of Dasmarinas Brings UN Day to School

**by DOMZ B. CAOILE –** To honor the mission of the 193-nation-strong organization United Nations -- that fosters peace, sustainability, and human rights around the world-- the Rabbi Christian Institute of Dasmarinas (RCID) conducted a fun-filled day celebration of the UN's 77th founding anniversary last October 24.

The UN was conceived on Oct. 24, 1945 and ratified by the five permanent members of the Security Council after the worldwide devastation that followed World War II.

France, China, then Soviet Union led by Russia, United Kingdom, and the United States worked together to create an organization of international states that would foster global peace, prosperity, and justice.

Fifty-one member states, including the Republic of the Philippines, signed on the first year, with a goal of preventing a third world war and improving global quality of life, and South Sudan was accepted as UN's 193rd member nation in July 2011.

Every year, learning institutions like the Rabbi Christian Institute of Dasmarinas celebrate the ideals and impact of the UN and dutifully teach its students the importance of preserving peace and harmony in our planet Earth.

Students of RCID are taught how the Philippines and other member- nations are doing to protect those who are caught up in armed conflict, to fight climate change and avert nuclear catastrophe.

The institution owner and Principal Dr. Analie Agupitan-Matre told BantayBalita that pupils of the RCID are taught how to help expand opportunities for women and girls, and how to preserve human rights and dignity of every individual regardless of race, color of skin, status in life and faith.

RCID, according to Dr. Matre, has been teaching their student community, starting in the earliest grades about honoring the value of cultures worldwide.

"Here, the management of Rabbi Christian Institute (of Dasmarinas) together with our educators teach compassion and tolerance for others for this iss the basis for peace," said Dr. Matre.

This year's celebration, student participants are taught about the flags from around the world and are told of their meanings and examine the United Nations flag.

"Yung mga bata, tinuruan na gumawa o mag-drawing ng mga flag, at pinag-aralan nila ang kultura, tradisyon ng iba't ibang kasapi ng UN," Dr. Matre told BantayBalita.

She said the RCID was happy that after two years of "inactivity" brought about by the pandemic Covid-19, the students and their parents were able to participate in the fun-filled activities to the delight of all, most especially the students and their parents.

There were games, and information galore about current UN projects: young boys and girls -- as photos on this center page spread show-- displayed their best customes of different nations and their flags.

Photos of winners of the various contests in the celebration are also featured here.

And not the least, students are taught about the many specialized agencies of the UN to further its mission, including the World Health Organization (WHO); the Food and Agriculture Organization (FAO); the United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO); The United Nations Children's Fund (UNICEF); International Labor Organization (ILO); United Nations High Commissioner for Refugees (UNHCR); and United Nations Human Rights Council (UNHRC).

Educators have had a wonderful research and learned more about what each of these organizations does.

Enjoy the photos on this pages and BantayBalita congratulates Rabbi Christian Institute of Dasmarinas in fostering peace and harmony in the young minds of their students.

And from us, the editorial staff of BantayBalita would like to express our warmest greetings by saying: "Mabuhay ang buong management ng paaralang ito na ang pundasyon ay pananampalatayang maka-Kristiyano at maka-Diyos at walang sawa sa paghubog ng mabubuting asal, disiplina sa mga kabataan, at sa pagpapatibay sa isipan ng kanilang mga estudyante espiritu ng pagkakapantay-pantay, pagrespeto at pagsisikap na maging mabubuting mamamayan."



Dr. Analie Agupitan-Matre
Owner / Principal






































# Malasakit, Kawanggawa sa Kapwa

**by ADELA R. ZAMORA--** Hundreds of residents of Barcelona Phase 1 subdivision in Barangay Buhay na Tubig, in Imus City affected by flooding and devastation brought about by typhoon 'Paeng,' last week received assistance from DC Petroleum.

Led by Ms. Catherine Samson, head of DC Petroleum, hundreds of relief goods were distributed to flood victims at the covered court of the subdivision as part of its continuing community outreach program.

She said that DC Petroleum has been doing this 'Malasakit at Kalinga sa Kapwa' to hapless victims of typhoons, floods, fire and other natural calamities.

DC Petroleum is located in Commerce Avenue, 1780, Muntnlupa City has many branches in Central Luzon and Southern Luzon, including Cavite.

"Matagal na itong ginagawa ng DC Petroleum upang kahit paano, makatulong at mabawasan ang alalahanin ng mga biktima," Ms. Samson said to this paper.

A member of the DFC Petroleum team said each food pack contained canned goods, coffee, noodles, bread, other food items and cash assistance.

"Malaking abala po sa marami itong pinsala ng bagyo, and this has disrupted the daily lives of residents, including their livelihood,"said Ms. Samsom and added that " we in DC Petroleum are hopeful that these relief packs will help them get through sa mga susunod na araw."

Food on their table is most important especially to those severely affected by 'Paeng.'

"Thank you po, lalo na po sa binigay nyong cash, ... malaking tulong po ito sa amin," a young mother told this paper.

Ms. Samson, said: "Maliit na halaga lang po iyon na kaloob ng aming kompanya, sana po makatulong kahit papaano."

The Team DC Petroleum was assisted by Barcelona HomeOwners Association Phase 1 officers led by Ms. Gena de Jesus and HOA Treasurer. Ms. Juliet Antolin.

They expressed gratitude to DC Petroleum for their assistance to the residents of Barcelona Phase 1.

"This kind of assistance is really helpful to all of us here, " said Ms. De Jesus.

















# Buhayin ang salt industry natin!




DAMING nag-message at nag-email dito sa aming pahayagan tungkol sa suggestion na buhayin sa mga coastal towns ang industriya ng Asinan o Irasan -- na pinatay ng ASIN Law na ang sabi ko nga, dapat na itong amyendahan o ibasura na.

Aba, e imbes na makatulong sa ating mga 'Asindero,' namatay ang kanilang hanapbuhay, na siya na ring nangyayari sa ating sektor ng agrikulutra gawa ng walang tigil na importation at smuggling ng agri/meat/fish/products.

Isipin nyo, naliligiran tayo ng maraming tubig-alat pero kinakapos tayo sa asin at 94 percent ay iniimport natin sa China, Australia, Egypt at sa Italy at iba pang bansa.

Noong bata pa ako, ang daming palaisdaan sa ating coastal areas na pag summer, irasan ito at sagana tayo sa asin.

Now it's time for our District 1 Congressman Jolo Revilla, District 2 Congresswoman Lani Mercado Revilla at whoever should be elected as District 7 representative na magtulong-tulong na gumawa ng batas na bubuhay uli sa ating local salt industry, hindi lang sa Cavite kungdi maging sa iba pang rehiyon na maaaring magtayo uli ng mga irasan o asinan.

Pwede rin naman ang ating Cavite City Mayor Denver Reyes Chua, Noveleta Mayor Dino Reyes Chua, Rosario Mayor Voltaire Ricafrente, Kawit Mayor Angelo Emilio Aguinaldo, Bacoor Mayor Strike Revilla, Tanza Mayor Ari Pacumo at aming Naic Mayor Raffy Dualan ay magplano upang mabuhay ang salt industry sa Cavite.

Aba, maraming industriya at negosyante ang makikinabang kung muling bubuhayin ang ating local salt industry.

Suggestion lamang po ito, salamat kung mapakikinggan nyo po kami rito sa BantayBalita.

@@@

Ayon daw sa statistics, bahagyang nabawasan ang taggutom sa Pilipinas, na ngayon ay nasa mahigit na 2.9 milyon ang "nothing to eat" sa ginawang survey mula Set. 29- Okt. 2 ngayong taon.

Noong Abril 2022, nasa 3.1 milyong Pinoy ang nagugutom at noong Disyembre 2021, nasa 3-milyong ang hikahos at kumakalam ang sikmura.

Ang alam ko, kasama ako sa grupo ng mga Pinoy na kumakalam ang sikumura nma kailangang kumayod, mag-isip ng mga paraan kung paano mabubuhay nang disente.

Kayod, Pilipino at wag iasa sa gobyerno o sa Pangulong Marcos ang ating ikabubuhay.

@@@

What, balak ng pamunuan ng UP officials sa Diliman, QC na magtayo ng isang gusaling tatawaging "Freedom Memorial Museum, at ito ay gagastusan ng P520 million.

Pagsunod daw ito sa atas ng Republic Act 10368, na lumikha ng Human Rights Violations Victims' Memorial Commission, at ang museum ay itatayo sa 1.4 ektarya sa loob ng UP campus.

At yun daw lupang ito ay donasyon ng UP sa Memorial Commission ar sabi naman sa ibang report, parerentahan lang ang lupa sa loob ng 15 taon.

Ay, naku, maraming pwedeng pagkagastusan ang P520-M na ito para mapabuti ang mga estudyante ng UP, pero sa gusaling magtatampok daw sa mga "biktima" ng Martial Law ni dating Pres. Ferdinand Marcos Sr.

Itong RAt 10368 ay naisabatas noong 2013 sa panahon ng yumaong Presidente Benigno Aquino III na ang kanyang ama ay mortal na kaaway ng namatay ring ama niyang si dating Sen. Ninoy Aquino.

Ngayon na lumalabas ang maraming "katotohanan" sa papel ni Ninoy sa padkadeklara ng ML at ang maraming "biktima" raw ng batas militar na itinuturing na mga bayani ay mga rebeldeng nais magtayo ng isang komunistang gobyerno sa Pilipinas.

Sana, i-repeal ang batas na ito at iukol ang P540-M sa iba pang bagay na pakikinabangan ng taumbayan.

# Partnership ...

mula sa p.3

lugar, lalo na sa Noveleta na konting ihi lang ng pusa, sabi nga, binabaha na.

Catch basin kasi ang Noveleta, kaya nga isa ito sa unang dinalaw ni Presidente Bongbong Marcos para magbigay tulong at pag-asa sa mga biktima ni 'Paeng', kasama si DSWD Sec. Erwin Tulfo.

Hindi lang panahon ng kalamidad ang Partnership na ito na "pakana" ni Vice Gov, este Cong Jolo at Mayor Strike, kasi, ang serbisyo ng kaisahan at pagtutulungan ay itatawid hanggang sa mga serbisyong Rescue 161, kungdi maging sa edukasyon, kalusugan, maagap na tulong sa sunog, aksidente at iba pang emergency situation.

Sa health, minamadali na gawing District 1 Hospital ang Kalayaan Hospital sa Kawit; inaayos na ang infra projects para mas mapabilis ang biyahe mula Cavite patungong Maynila at balikan.

'Yung extension ng Cavite EPZA sa Noveleta para sa dagdag trabaho sa mga Cavitenyo; 'yung pagpapaganda ng Corregidor Island para maging tourist destination kalapit ng Cavite City.

Gumagana na yata ang bagong pier sa aplaya ng Noveleta-Cavite City

Magtutulungan rin ang Una at Ikalawang Distrito sa mga kilusan at programang tutulong sa pagpapalakas ng ekonomya, mga proyekto sa impraestruktura, trabaho, negosyo at proteksiyon sa likas-yaman at iba pang programa upang maiangat ang kalagayan sa buhay ng bawat Cavitenyo.

Sa okasyon, nakiisa ang mga bise-alkalde at mga konsehal, kinatawan sa Sangguniang Panlalawigan ng mga bayan ng Kawit, Noveleta, Rosario at mga lungsod ng Bacoor at Cavite.

Sumaksi sa lagdaan sina Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla, Bacoor City Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola na nagbigay ng mensahe ng pakikiisa sa layunin ng pagtutulungan at serbisyong Caviteno.

# 'Tangina mo! ...

mula sa p.3

"kanyang ilog."

"It took me 10 years to clean my river so there will be no flooding, tapos sasarhan niyo iyong daan ng river ko?I cleaned 30 kilometers of river, ba't hindi sasama loob ko?"

Ay, sorry po, nagkamali ako: mea culpa, madam.

Pag-aaralan daw nila uli ang proyekto, nasabi lang ni DENR Sec. Ma. Antonia Yulo-Loyzaga para mabawasan ang galit ng ating biyonaryang si Madam Cynthia.

Teka, wala pa akong naririnig na reaksyon ni Ate Lani Mercado-Revilla sa pagbatikos ni Madam Cynthia sa proyektong reclamation ng Bacoor City!

At tahimik yata si kabayang Sen. Bong Revilla at ngayon ay Bacoor Mayor Strike Revilla.

Sundan pa ang isyung ito sa aking next column at para sa inyong reaction, mag-email lang sa taparaneliseo@gmail.com o sa lukasdasilva990@gmail.com

# 'You' are invited to contribute to BB Weekly Paper




YES, BantayBalita Desk is calling the attention of Cavite residents, campus writers who are seeking to enhance their writing skills and have their own "sense of place", the BantayBalita newsweekly is inviting you to contribute your 'masterpieces.'

Cavite has many budding writers in Filipino and English, that is why, our Executive Editor, Sir Domz B. Caoile is encouraging 'You' --mga journalis/communications students, mga mahihilig magsulat ng essay o artikulo sa mga naoobserbang pangyayari sa ating lalawigan-- to contribute to this exciting news publication.

Kayong mga campus journalists, budding literary writers, at sinomang may alam na balita o artikulo, human interest story, and if you are interested in becoming involved with this publication, please contact us, at these following emails: lukasdasilva990@gmail.com, domzcaoile@yahoo.com, taparaneliseo@gmail.com

"We also seek submissions from our LGUs public information and media relation officers critical analysis with engaging storytelling that will appeal to our readers," said Sir Domz.

Sabi pa niya, kahit mga local artists, mga event organizers, educators ay ini-encourage to share their work with BantayBalita, especially news, articles about the concerns of ordinary people.

"Stories dedicated to centering voices and perspectives of the marginalized sector of our society are most werlcome. Mag-submit na kayo ng inyong obra maestra, complete with photos and your email address. Pati po ang inyong photo at short 'biography'," Caoile said.

O, what are you waiting for, tumipa na sa inyong desk/laptop computers, magsulat, o i-click ang inyong mga kamera at kung may merit na aming ilathala, aba, atin pong gagawin.

Iniimbitahan din ang may maliit na negosyo: karinderia, barberia, sari-sari store, bakery, paluto, repair shops at maging ang mga notary public to send in ang mga nais nyong mailathala.

@@@

O, sasabihin na raw ang "masterminds" (marami sila,huh?) sa :Percy Murder killing.

Pero, sa hamak naming opinyon, parang may niluluto ang mga imbestigador, kasi sa umpisa pa lamang, sa kabila ng marami raw 'persons of interest', bakit nasesentro kay suspended BuCor chief Gen. Gerald Bantag ang 'akusasyon'.

May binanggit na dalawang heneral daw, may mga bigtime druglords sa Bilibid at ilang politiko na inupakan ni Ka Percy sa kanyang programang "Lapid Fire" pero ayaw pangalanan at si Bantag lang ang ini-name drop.

Unfair ito, kasi ang public opinion ay nabubuo na si Bantag ang may pakana sa krimen, gayong wala namang direktang ebidensiya laban sa heneral – na ang sinasabi ng maraming netizen, malamang daw ang "pagtuturo" sa dating Bucor chief ay kagagawan ng mga sindikatong galit sa kanya.

Kasi itong si Bantag e sinira ang negosyong ilegal na droga sa National Bilibid Prisons na ikinagalit ng mga nakikinabang dito, na bilyones pesos ang nawala sa kamay ng mga drug traffickers at ng kanilang mga alipores sa Bilibid, at sa mga nakikinabang na narco-politician.

Nakatatakot ang sabi ni Gen. Bantag, kung siya ay ididiin sa krimen, hindi siya papayag na makulong at lalaban na siya nang patayan.

Ay, ano ba'yan?

Teka, every year naman, talagang binabagyo, nilindol at binabaha tayo.

Why not, magtayo na ng mga permanenteng evacuation center sa mga lokalidad sa mga lalawigan at mga siyudad.

At tiyempuhan ang pagtatanim o pag-aalaga ng mga hayop na maaani o mapakinabangan na bago pa sumapit ang mga buwan ng kalamidad?

## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION BY SOLE HEIR

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ABELARDO VILLANUEVA TOLENTINO,** who died intestate on June 7, 2022 in Olongapo City, Zambales, left a parcel of land with improvements that is situated at Brgy. De Ocampo, Trece Marites City, Cavite, covered by Transfer Certificate of Title No. 077-2016002924 containing an area of 94 square meters, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan, under Doc. No. 311, Page No. 63, Book No. XXIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 31, NOVEMBER 7 & 14, 2022**

## EXTRA-JUDICIAL PARTITION OF THE ESTATE OF THE LATE COSME RODRIN

NOTICE is hereby given that the estate of the late **COSME RODRIN,** who died intestate on June 3, 1991 at Banaba Lejos, Indang, Cavite, left a parcel of property, not conjugal in nature, situated at Banaba Lejos, Indang, Cavite and embraced in Tax Declaration nos. AA 10 0008 00420 Lot 8887 PART Cad 459-D containing an area of 875 square meters, were Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan, under Doc. No. 97, Page No. 20, Book No. XXIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 31, NOVEMBER 7 & 14, 2022**

# Sa Solar irrigation system, sasagana ang ani ng magsasakang Caviteno

**ni DOMZ B. CAOILE –** Malaking tulong sa mga magsasaka ng Cavite, ngayon na sila ay may maaasahang daloy ng tubig irigasyon matapos na tanggapin mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) ang dalawang yunit ng solar powered-irrigation system (SPIS) na halagang PHP6 million bawat isa.



*Tubig, malinis na tubigmula sa SPIS sa Barangay Baliwag, Magallanes.*

Maka-kalikasan ang SPIS, sabi ni Danilo Arnes, pangulo ng Tres Cruses Agrarian Reform Beneficiaries and Farmers Association Inc. sa pagseseguro na laging may suplay ng tubig sakahan mula sa dalawang yunit ng SPIS, lalo na ang magtatanim ng palay, gulay at mga produktong bukid na mataas ang presyo sa merkado.

Ayon kay Arnes, mag gusto ng mga maninda ang mga gulay at iba pang aning bukid na inani mula sa malinis na tubig sa irigasyon SPIS ng DAR.

"Magandang solusyon ang maibibigay sa ating magsasaka ng SPIS, lalo na at ito malaking tipid sa irigasyon dahil ang ginagamit natin ay energy mula sa (init ng) araw, " ni James Arthur Dubongco, DAR-Cavite Provincial Agrarian Reform Program Officer II.



*Salamat po sa inyong tulong sa aming magsasaka: Mayor Jasmin Maligaya*

Ayon pa kay Dubongco, makakaya na mapatubigan ang 32 ektaryang lupang palayan ng SPIS sa liblib na lugar, at ito ay makababawas sa malaking gastusin ng mga magsasaka.

Mayroon nang 34 na benepisyaryo sa programang palupa ng DAR, sabi ni Dubongco.

Paliwanag pa ni Dubongco, ang proyekto ay isa sa magagandang programa ni DAR Secretrary Conrado Estrella III upang makatulong sa hinahangad sekuridad sa suplay na mga produktong pagkain ni Pres. Bongbong Marcos at kasalukuyang secretary ng Department of Agriculture.

Naitayo ang dalawang yunit SPIS noong Setyembre 14 na dinaluhan ni DAR Undersecretary for Support Services Office Milagros Isabel Cristobal -- na hiniling sa mga benepisyaryo na ingatang mabuti ang kaloob na ayuda sa pagsasaka.

Tainiyak ni Arnes kina Cristobal at Dubongco na iingatan nila at gagamitin nang maayos ang SPIS -- na isang proyekto ng DAR's Climate Resilient Farm Productivity Supporta na may suporta naman ni National Irrigation Administrator Benny Antiporda.

Nakatayo ang mga yunit ng SPIS unit sa Sitio Gugo, Barangay Tres Cruses sa Tanza at Barangay Baliwag sa Magallanes.

Pinasalamatan ni Magallanes Mayor Jasmin Maligaya ang kaloob na isang yunit ng SPIS na aniya, "Tiyak pong magpapasigla sa agrilkultura sa aming bayan at makatutulong sa kabuhayan ng ating mga farmers."

Una rito, maraming impraestruktura ang ipinagawa ng alkalde tulad ng small water impounding management (SWIM) na iniipon ang tubig-ulan para sa taniman at iba pang gamit.

Bukod dito, pinalalakas din ang turismo sa Magallanes na isa sa magandang destinasyon ng mga turistang lokal at dayuhan na nasisiyahan sa malamig na klima, maayos na kapaligiran at sa mabait na pakikutungo ng mga mamamayan sa lokalidad.


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 5 10.00 OCT. 31 - NOV. 6, 2022


# Imus City Councilor Larry Nato is fuming mad!



*During a Monday flag ceremony at the new Imus City Government Center, Councilor Larry Nato (center) with (left) Imus City Mayor Alex 'AA' Advincula and other city officials*

**by POLITICO –** In a Facebook post, Imus City Councilor Larry Nato shared a screenshot of the text messages of the scammer ordering meat from a shop and asking that it be delivered to city hall.

He asked if he was that famous for his name to be used.

Or maybe the scammer was just determined to cause trouble, he said.

Nato, who is a former 3rd District Provincial Board member, vowed that he would find out who this scammer is.

He is just glad that the meat shop that the impostor tried to fool was careful and did not fall for the ruse.

This is what is written on Nato's Facebook page:

"BABALA!

"Ganito na po ba akong kasikat? or gusto lang nila mang perwisyo ng mga kababayan natin na nag hahanap buhay ng marangal???

"BOGUS BUYER strikes again!

"MALALAMAN DIN NAMIN KUNG SINO KA

"ETO LANG PO ANG OFFICIAL FB PAGE KO

" MAGING MAPAGMATYAG AT HUMING NG DOWMPAYMENT KUNG MAY OORDER

"MAG-INGAT PO ANG LAHAT

"buti na lang maingat si OldTown Meat Shop kaya hindi sya na scam."

PS* mura din po ang paninda nilang meats at fresh po," Nato posted.

# Green Seal sa Muntinlupa, P'que

**ni EDUARDO ROSALES –** Hardin ng mga gulay sa mga batang mag-aaral sa Muntinlupa City.

Masinop na paghahatid-impormasyon sa kalusugan sa Paranaque City sa loob ng sanlibong (1000) araw.

Sa pagkilala sa makabuluhang aktibidad na ito, tinanggap ng dalawang siyudad mula sa National Nutrition Council (NNC) ang "Green Banner Seal of Compliance" sa ginawang gawad-parangal sa Century Park Hotel sa Maynila ng nakaraang linggo.

Dahil sa proyektong "Gulayan sa Paaralan" na magkatuwang na ginawa ng Department of Agriculture, at Muntinlupa City Nutrition Committee naturuan na magtayo ng sariling 'hardin ng mga gulay' ang mga batang estudyante ng mga paaralang publiko sa siyudad.

Ipinangako ni Muntinlupa City Mayor Rozzano Rufino 'Ruffy' Biazon na mas palalawakin pa ang taniman ng mga gulay sa siyudad maging sa mga paaralang pribado.

Mga bitamina mineral at iba pang suplemento sa kalusugan ng mga buntis at mga batang malnourish at maiinit na pagkain para sa mga pasyenteng may Covid-19 ang walang hintong aktibidad sa kalusugan ang ginawa ng pamahalaang lokal ng Paranaque.



**Mayor Eric DL Olivarez**

"Lalo naming pagbubutihin ang gawaing ito dahil naniniwala tayo, mas uunlad ang Paranaque kung malulusog ang ating mamamayan," sabi ni Paranaque City Mayor Eric DL Olivarez -- na dating kinatawan ng lungsod sa Kongreso.

Umaasa naman si Milagros Elisa Federizo na mas marami pang lokalidad ang magbibigay halaga sa nutrisyon ng bawat mamamayan.

# Bar takers who can't take exams may ask for refund

**BB Staff –** The Supreme Court (SC) said in a statement that bar exminees who will be unable to take the scheduled 2022 Bar examinations this November may ask for a refund of the fees they paid.

The SC Office of the 2022 Bar Chair announced on Thursday (Nov. 3) : "xxx that it deems it right that examinees who may be unable to take the 2022 Bar Examinations as scheduled xxx may apply for a refund of their bar fees with the Office of the Bar Confidant (OBC) through their BAR Plus registered email addresses"

The statement said that the SC understands that many examinees may not be able to take the bar because of the ill effects brought about by typhoon 'Paeng."

"At the option of the examinee, the bar fees paid may also be applied to the forthcoming Bar Examinations scheduled in September 2023," it added.

SC Associate Justice Alfredo Benjamin Caguioa is the chairman of the 2022 bar examinations.

The 2022 bar examinations is scheduled to take place this Nov. 9, 13, 16, and 20.